0-454

449

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**PENRO Marinduque**

March 14, 2023

**MEMORANDUM**

**FOR** : **The Regional Executive Director**
DENR, MIMAROPA Region

**THRU** : **The OIC, ARD for Technical Services**

**FROM** : **The OIC, PENR Officer**

**SUBJECT** : **SUBMISSION OF APPROVED MINUTES AND TWO (2) RESOLUTION OF THE 1st PAMB EN BANC MEETING HELD ON 23 FEBRUARY 2023 OF MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS)**

Respectfully endorsed are the resolutions and the corresponding minutes of the 1st Protected Area Management Board (PAMB) En Banc meeting of the Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) and other pertinent documents conducted on 23 February 2023 at the PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Brgy. Bangbangalon, Boac, Marinduque.

For information, evaluation and approval.

**IMELDA M. DIAZ**

Capitol Compound, Barangay Bangbangalon, Boac, Marinduque
Telephone Nos.: (042) 332-1490/(042) 332-0727/(042) 332-0927/(042) 332-1913
Website: https://penromarinduque.gov.ph/
Email: penromarinduque@denr.gov.ph

# APPROVED MINUTES AND TWO (2) RESOLUTIONS OF THE FIRST PAMB EN BANC MEETING OF MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) HELD ON 23 FEBRUARY 2023 AT PENRO CONFERENCE HALL, BOAC, MARINDUQUE

Republic of the Philippines
Department of Environment and Natural Resources
**PENRO Marinduque**

March 10, 2023

**MEMORANDUM**

**FOR** : **The OIC, PENR Officer**
Boac, Marinduque

**FROM** : **The Protected Area Superintendent**
Marinduque Wildlife Sanctuary

**SUBJECT** : **SUBMISSION OF APPROVED MINUTES AND TWO (2) RESOLUTIONS OF THE 1st PAMB EN BANC MEETING HELD ON 23 FEBRUARY 2023 OF MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS)**

We are respectfully submitting the resolutions and the corresponding minutes of the 1st Protected Area Management Board (PAMB) En Banc meeting of the Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) including pertinent documents conducted on February 23, 2023 at the PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Brgy. Bangbangalon, Boac, Marinduque, to wit:

| Resolutions No. | Title |
|---|---|
| 2023-001 dated February 23, 2023 | **"RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN NG KAPULUNGAN O PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) ANG KAPASYAHANG MAIMBITAHAN SA IKALAWANG PAGPUPULONG NG PAMB PARA SA TAONG ITO ANG PROVINCIAL ASSESSOR'S OFFICE AT ANG DEPARTMENT OF AGRARIAN REFORM (DAR) UPANG MAIPALIWANAG ANG ESTADO AT USAPIN SA MGA PRIBADONG INDIBIDWAL NA NABIGYAN NG TITULO SA LOOBAN NG TIMBERLAND O PROTECTED AREA"** |
| 2023-002 dated February 23, 2023 | **"RESOLUSYON UPANG KILALANIN AT PAGTIBAYIN NG KAPULUNGAN O PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) ANG PAGTATALAGA NG DALAWANG (2) VOLUNTEERS NA BANTAY GUBAT NA MAGMUMULA SA 23 BARANGAYS NA NASASAKLAWAN NG MWS UPANG MAGING KATUWANG NG BARANGAY AT NG KAGAWARAN NG KAPALIGIRAN AT LIKAS-YAMAN (DENR) SA PAGPOPROTEKTA NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS)"** |

For information, evaluation, and approval.

**EMETERIO M. RECTO**

**HALAW SA KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–23 NG PEBRERO, 2023 SA PENRO CONFERENCE HALL, CAPITOL COMPOUND, BRGY. BANGBANGALON, BOAC, MARINDUQUE**

| PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|
| **MGA DUMALO:** | |
| 1. For. Imelda M. Diaz | OIC-PENR Officer, *(Rep of PAMB Chairperson.)* |
| 2. Engr. Arlyn S. Jarabe | OIC-PG-ENRO *(Rep. of Gov. Presbitero J. Velasco, Jr.)* |
| 3. Kgg. Rolando P. Sapallo | Punong Barangay, Duyay, Boac |
| 4. Kgg. Reynaldo P. Lingon | Punong Barangay, Hinapulan, Boac |
| 5. Kgg. Alejandro P. Opis | Punong Barangay, Tambunan, Boac |
| 6. Kgg. Benjamin M. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 7. Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista |
| 8. Kgg. Dante M. Marinduque | Punong Barangay, Sihi, Buenavista |
| 9. Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 10. Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 11. Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |
| 12. Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos (Presiding Officer) |
| 13. Kgg. Fidel Jr. N. Osmillo | Barangay Kagawad, Bayuti, Boac *(Rep.)* |
| 14. Kgg. Lito M. Montiano | Barangay Kagawad, Binunga, Boac *(Rep.)* |
| 15. Kgg. Zenaida J. Montiano | Barangay Kagawad, Canat, Boac *(Rep.)* |
| 16. Kgg. Alejandro Napigkit | Barangay Kagawad, Antipolo, Gasan *(Rep.)* |
| 17. Kgg. Edsel M. Basco | Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan *(Rep.)* |
| 18. Kgg. Milton J. Magaling | Punong Barangay, Tiguion, Gasan *(Rep.)* |
| 19. Kgg. Roderick Andrade | Barangay Kagawad, Nangka, Torrijos *(Rep.)* |
| 20. Kgg. Diosdado Laylay | Barangay Kagawad, Sibuyao, Torrijos *(Rep.)* |
| 21. Dr. Doreen R. Mascareñas | Assoc. Professor III, MSC *(Academe)* |
| 22. Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC *(NGO)* |
| 23. Gng. Greta S. Sumagui | *Representative of Mayor Eduard L. Siena* |
| 24. G. Romeo M. Davalos | SWMPO, *(Rep. of Mayor Armi DC. Carrion)* |
| 25. Engr. Aiza R. Roldan | *Representative of Mayor Lorna Q. Velasco* |
| 26. Jell Mariel P. Riego | MENRO Staff, *(Rep. of Mayor Marisa R. Martinez)* |
| 27. G. Gerardo M. Jamilla | STO Officer, DOT-Marinduque *(Rep.)* |
| 28. PLTCOL Elmer L. Manalo | C, PCADU, PCO, Marinduque PPO (*Rep.)* |

**MGA HINDI DUMALO:**

| | |
|---|---|
| 1. Cong. Lord Allan Jay Q. Velasco | Representative, Lone District of Marinduque |
| 2. Kgg. Rolando O. Tolentino | Punong Bayan, Gasan, Marinduque |
| 3. Kgg. Marisa R. Martinez | Punong Bayan, Santa Cruz, Marinduque |
| 4. Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 5. Kgg. Crisostromo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |

| | | |
|---|---|---|
| 6. | Kgg. Lorna M. Jimena | Punong Barangay, Tumagabok, Boac |
| 7. | Kgg. Bernardo P. Pastoral | Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz |
| 8. | PD Bernardo T. Caringal | Prov'l Science & Technology Director, DOST |
| 9. | G. Rolinio S. Sajul | Chairman, Malbog Upland Farmer's Assoc. (PO) |

## RESOLUSYON BILANG 2023-001

**"RESOLUSYON UPANG PAGTIBAYIN NG KAPULUNGAN O PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) ANG KAPASYAHANG MAIMBITAHAN SA IKALAWANG PAGPUPULONG NG PAMB PARA SA TAONG ITO ANG PROVINCIAL ASSESSOR'S OFFICE AT ANG DEPARTMENT OF AGRARIAN REFORM (DAR) UPANG MAIPALIWANAG ANG ESTADO AT USAPIN SA MGA PRIBADONG INDIBIDWAL NA NABIGYAN NG TITULO SA LOOBAN NG TIMBERLAND O PROTECTED AREA"**

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) na may dalawang (2) parsela at kabuuang sukat na humigit kumulang 9,758.71 ektarya ay naideklara bilang isang pinangangalagaang pook (protected area) ayon sa Republic Act 7586 o ang National Integrated Protected Area System Act (NIPAS Act of 1992) na inamyendahan ng bagong batas na Republic Act 11038 o ang Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS Act of 2018);

***SAPAGKAT,*** ang pangunahing layunin ng Protected Area Management Board (PAMB) ay mapangalagaan ang samu't-saring buhay na matatagpuan sa nasasakupan ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) sa pamamagitan ng likas-kayang pag-unlad tungo sa pangmatagalang kapakinabangan;

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary na naideklarang protected area ay pinangangasiwaan ng Protected Area Management Board (PAMB) at Protected Area Management Office (PAMO) sa pangunguna at gabay ng Protected Area Superintendent (PASu) at Kalihim ng PAMB;

***SAPAGKAT,*** sa isinagawang proyektong ***"Demarcation of Boundaries"*** para sa mga lehisladong pinangangalagaang-pook (Protected Area) na isinagawa sa taong 2020 hanggang 2022 ay mayroong mga pribado o tituladong lupa na nasakop ng proyekto;

***SAPAGKAT,*** bahagi ng gampanin ng PASu sa PAMB ang paglalatag ng mga plano o programa para sa patuloy ay epektibong pamamahala sa pinangangalagaang-pook kasama ang pagsasa-ayos ng mga issues o conflict sa protected area habang ang Assessor's Office at ang Department of Agrarian Reform (DAR) naman ay makatutulong upang bigyang linaw ang estado at usapin sa mga tituladong lupa;

***SAPAGKAT,*** matapos ang kaukulang paglalahad sa kapulungan ay napag-alaman at naging maliwanag sa kapulungan o PAMB na maaaring makapagbigay ng paglilinaw ang Provincial Assessor's Office at ang DAR tungkol sa isyu ng mga lupaing mabigyan ng titulo sa looban ng timberland o protected area.

**DAHIL DITO,** iminungkahi ni Kgg. Mario C. Francisco II na suportahan at pagtibayin ng PAMB sa pamamagitan ng resolusyon ang inilahad niyang mungkahi na pinangalawahan ni Gng. Greta S. Sumagui.

Pinagtibay ngayong ika-23 ng Pebrero, 2023 sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound Barangay Bangbangalon, Boac, Marinduque.

Inihanda:

**EMETERIO M. RECTO**
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB

Patotoo:

**KGG. SABINO R. ROJO**
Punong Barangay, Malibago, Torrijos
(Pansamantalang Tagapangulo)

Pinagtibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO** *CESO IV*
Regional Executive Director, DENR-MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB

**HALAW SA KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–23 NG PEBRERO, 2023 SA PENRO CONFERENCE HALL, CAPITOL COMPOUND, BRGY. BANGBANGALON, BOAC, MARINDUQUE**

| PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|
| **MGA DUMALO:** | |
| 1. For. Imelda M. Diaz | OIC-PENR Officer, *(Rep. of PAMB Chairperson)* |
| 2. Engr. Arlyn S. Jarabe | OIC-PG-ENRO *(Rep. of Gov. Presbitero J. Velasco, Jr.)* |
| 3. Kgg. Rolando P. Sapallo | Punong Barangay, Duyay, Boac |
| 4. Kgg. Reynaldo P. Lingon | Punong Barangay, Hinapulan, Boac |
| 5. Kgg. Alejandro P. Opis | Punong Barangay, Tambunan, Boac |
| 6. Kgg. Benjamin M. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 7. Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista |
| 8. Kgg. Dante M. Marinduque | Punong Barangay, Sihi, Buenavista |
| 9. Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 10. Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 11. Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |
| 12. Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos (Presiding Officer) |
| 13. Kgg. Fidel Jr. N. Osmillo | Barangay Kagawad, Bayuti, Boac *(Rep.)* |
| 14. Kgg. Lito M. Montiano | Barangay Kagawad, Binunga, Boac *(Rep.)* |
| 15. Kgg. Zenaida J. Montiano | Barangay Kagawad, Canat, Boac *(Rep.)* |
| 16. Kgg. Alejandro Napigkit | Barangay Kagawad, Antipolo, Gasan *(Rep.)* |
| 17. Kgg. Edsel M. Basco | Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan *(Rep.)* |
| 18. Kgg. Milton J. Magaling | Punong Barangay, Tiguion, Gasan *(Rep.)* |
| 19. Kgg. Roderick Andrade | Barangay Kagawad, Nangka, Torrijos *(Rep.)* |
| 20. Kgg. Diosdado Laylay | Barangay Kagawad, Sibuyao, Torrijos *(Rep.)* |
| 21. Dr. Doreen R. Mascareñas | Assoc. Professor III, MSC *(Academe)* |
| 22. Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC *(NGO)* |
| 23. Gng. Greta S. Sumagui | *Representative of Mayor Eduard L. Siena* |
| 24. G. Romeo M. Davalos | SWMPO, LGU-Boac *(Rep. of Mayor Armi DC. Carrion)* |
| 25. Engr. Aiza R. Roldan | *Representative of Mayor Lorna Q. Velasco* |
| 26. Jell Mariel P. Riego | MENRO Staff, *(Rep. of Mayor Marisa R. Martinez)* |
| 27. G. Gerardo M. Jamilla | STO Officer, DOT-Marinduque *(Rep.)* |
| 28. PLTCOL Elmer L. Manalo | C, PCADU, PCO, Marinduque PPO (*Rep.)* |
| **MGA HINDI DUMALO:** | |
| 1. Cong. Lord Allan Jay Q. Velasco | Representative, Lone District of Marinduque |
| 2. Kgg. Rolando O. Tolentino | Punong Bayan, Gasan, Marinduque |
| 3. Kgg. Marisa R. Red | Punong Bayan, Santa Cruz, Marinduque |
| 4. Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 5. Kgg. Crisostromo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |
| 6. Kgg. Lorna M. Jimena | Punong Barangay, Tumagabok, Boac |
| 7. Kgg. Bernardo P. Pastoral | Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz |
| 8. PD Bernardo T. Caringal | Prov'l Science & Technology Director, DOST |
| 9. G. Rolinio S. Sajul | Chairman, Malbog Upland Farmer's Assoc. (PO) |

## RESOLUSYON BILANG 2023-002

**"RESOLUSYON UPANG KILALANIN AT PAGTIBAYIN NG KAPULUNGAN O PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (PAMB) ANG PAGTATALAGA NG DALAWANG (2) VOLUNTEERS NA BANTAY GUBAT NA MAGMUMULA SA 23 BARANGAYS NA NASASAKLAWAN NG MWS UPANG MAGING KATUWANG NG BARANGAY AT NG KAGAWARAN NG KAPALIGIRAN AT LIKAS-YAMAN (DENR) SA PAGPOPROTEKTA NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS)"**

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) na may dalawang (2) parsela at kabuuang sukat na humigit kumulang 9,758.71 ektarya ay naideklara bilang isang pinangangalagaang pook (protected area) ayon sa Republic Act 7586 o ang National Integrated Protected Area System Act (NIPAS Act of 1992) na inamyendahan ng bagong batas na Republic Act 11038 o ang Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS Act of 2018);

***SAPAGKAT,*** ang pangunahing layunin ng Protected Area Management Board (PAMB) ay mapangalagaan ang samu't-saring buhay na matatagpuan sa nasasakupan ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) sa pamamagitan ng likas-kayang pag-unlad tungo sa pangmatagalang kapakinabangan;

***SAPAGKAT,*** ang Marinduque Wildlife Sanctuary na naideklarang protected area ay pinangangasiwaan ng Protected Area Management Board (PAMB) at Protected Area Management Office (PAMO) sa pangunguna at gabay ng Protected Area Superintendent (PASu) at Kalihim ng PAMB;

***SAPAGKAT,*** sa kasalukuyan ang Protected Area Management Office (PAMO) ay walang sapat na bilang ng mga personnel upang epektibong protektahan at pangalagaan ang pinangangalagang-pook (protected area) o ang Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS);

***SAPAGKAT,*** noong una pa man ay mayroon ng kasunduan o agreement ang mga munisipyo at DENR tungkol sa pagkakaroon at pagdedesignate ng mga Bantay Gubat na hindi na natutugunan sa kasalukuyan;

***SAPAGKAT,*** matapos ang kaukulang paglalahad ni Kgg. Mario C. Francisco II ay napag-alaman at naging maliwanag sa kapulungan na makatutulong ng malaki sa mga kinatawan ng Barangay at DENR ang mga itatalagang Bantay Gubat at magiging katuwang upang epektibong pangalagaan ang MWS.

**DAHIL DITO,** iminungkahi ni Kgg. Mario C. Francisco II na pagtibayin ng PAMB sa pamamagitan ng resolusyon ang inilahad niyang panukala na pinangalawahan ni Kgg. Edsel M. Basco.

Pinagtibay ngayong ika-23 ng Pebrero, 2023 sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound Barangay Bangbangalon, Boac, Marinduque.

Inihanda:

**EMETERIO M. RECTO**
Protected Area Superintendent
Kalihim ng PAMB

Patotoo:

**KGG. SABINO R. ROJO**
Punong Barangay, Malibago, Torrijos
(Pansamantalang Tagapangulo)

Pinagtibay:

**LORMELYN E. CLAUDIO** *CESO IV*
Regional Executive Director, DENR-MIMAROPA Region
Chairperson, PAMB

# KATITIKAN NG UNANG REGULAR NA PAGPUPULONG NG MGA KASAPI NG PROTECTED AREA MANAGEMENT BOARD (*PAMB*) EN BANC NG MARINDUQUE WILDLIFE SANCTUARY (MWS) NA GINANAP NOONG IKA–23 NG PEBRERO, 2023 SA PENRO CONFERENCE HALL, CAPITOL COMPOUND, BRGY. BANGBANGALON, BOAC, MARINDUQUE

**MGA DUMALO:**

| PANGALAN | POSISYON/AHENSYA/BARANGAY |
|---|---|
| 1. For. Imelda M. Diaz | OIC-PENR Officer, *(Rep. of PAMB Chaiperson)* |
| 2. Engr. Arlyn S. Jarabe | OIC-PG-ENRO *(Rep. of Gov. Presbitero J. Velasco, Jr.)* |
| 3. Kgg. Rolando P. Sapallo | Punong Barangay, Duyay, Boac |
| 4. Kgg. Reynaldo P. Lingon | Punong Barangay, Hinapulan, Boac |
| 5. Kgg. Alejandro P. Opis | Punong Barangay, Tambunan, Boac |
| 6. Kgg. Benjamin M. Larga | Punong Barangay, Tugos, Boac |
| 7. Kgg. Restituto L. Pabalat | Punong Barangay, Malbog, Buenavista |
| 8. Kgg. Dante M. Marinduque | Punong Barangay, Sihi, Buenavista |
| 9. Kgg. Delfin R. Fellizar | Punong Barangay, Devilla, Santa Cruz |
| 10. Kgg. Aristeo R. Rodil | Punong Barangay, Makulapnit, Santa Cruz |
| 11. Kgg. Teodoro R. Ramos | Punong Barangay, Masalukot, Santa Cruz |
| 12. Kgg. Sabino R. Rojo | Punong Barangay, Malibago, Torrijos (Presiding Officer) |
| 13. Kgg. Fidel Jr. N. Osmillo | Barangay Kagawad, Bayuti, Boac *(Rep.)* |
| 14. Kgg. Lito M. Montiano | Barangay Kagawad, Binunga, Boac *(Rep.)* |
| 15. Kgg. Zenaida J. Montiano | Barangay Kagawad, Canat, Boac *(Rep.)* |
| 16. Kgg. Alejandro Napigkit | Barangay Kagawad, Antipolo, Gasan *(Rep.)* |
| 17. Kgg. Edsel M. Basco | Barangay Kagawad, Tabionan, Gasan *(Rep.)* |
| 18. Kgg. Milton J. Magaling | Punong Barangay, Tiguion, Gasan *(Rep.)* |
| 19. Kgg. Roderick Andrade | Barangay Kagawad, Nangka, Torrijos *(Rep.)* |
| 20. Kgg. Diosdado Laylay | Barangay Kagawad, Sibuyao, Torrijos *(Rep.)* |
| 21. Dr. Doreen R. Mascareñas | Assoc. Professor III, MSC *(Academe)* |
| 22. Gng. Elizabeth E. Manggol | Secretariat Head, MACEC *(NGO)* |
| 23. Gng. Greta S. Sumagui | *Representative of Mayor Eduard L. Siena* |
| 24. G. Romeo M. Davalos | SWMPO, LGU-Boac *(Rep. of Mayor Armi DC. Carrion)* |
| 25. Engr. Aiza R. Roldan | *Representative of Mayor Lorna Q. Velasco* |
| 26. Jell Mariel P. Riego | MENRO Staff, *(Rep. of Mayor Marisa R. Martinez)* |
| 27. G. Gerardo M. Jamilla | STO Officer, DOT-Marinduque *(Rep.)* |
| 28. PLTCOL Elmer L. Manalo | C, PCADU, PCO, Marinduque PPO *(Rep.)* |

**MGA HINDI DUMALO:**

| | |
|---|---|
| 1. Cong. Lord Allan Jay Q. Velasco | Representative, Lone District of Marinduque |
| 2. Kgg. Rolando O. Tolentino | Punong Bayan, Gasan, Marinduque |
| 3. Kgg. Marisa R. Red | Punong Bayan, Santa Cruz, Marinduque |
| 4. Kgg. Enrique P. Landig | Punong Barangay, Balagasan, Boac |
| 5. Kgg. Crisostromo N. Monterey | Punong Barangay, Boi, Boac |
| 6. Kgg. Lorna M. Jimena | Punong Barangay, Tumagabok, Boac |
| 7. Kgg. Bernardo P. Pastoral | Punong Barangay, Tambangan, Santa Cruz |
| 8. PD Bernardo T. Caringal | Prov'l Science & Technology Director, DOST |
| 9. G. Rolinio S. Sajul | Chairman, Malbog Upland Farmer's Assoc. (PO) |

**MGA IBA PANG DUMALO:**

| | |
|---|---|
| 1. Emeterio M. Recto | SVEMS/PASu-MWS |
| 2. Alvin L. Pergis | Ecosystems Management Specialist II, PAMO-MWS |
| 3. Glaiza M. Peñaflorida | Ecosystems Management Specialist I, PAMO-MWS |
| 4. Blesilda J. Constantino | Administraive Aide VI, PAMO-MWS |
| 5. Niña Jane L. Mendoza | EMS I, PAMO-MWS (COS) |
| 6. Sherwin M. Milaya | Tourism Aide, PAMO-MWS (COS) |
| 7. Rachel Ann V. Guanzon | Data Encoder, PAMO-MWS (COS) |
| 8. Ericka Q. Roldan | Office Support Staff, PAMO-MWS (COS) |
| 9. Regie C. Patulot | Park Ranger, PAMO-MWS (COS) |
| 10. Rex Aljohn Lacdang | Forest Protection Officer, PAMO-MWS (COS) |
| 11. Gerald M. Liguit | Forest Protection Officer, PAMO-MWS (COS) |
| 12. Engr. Gerardo R. Perez | Div. Manager A, NIA-MOMARO-IMO |
| 13. Mary Grace P. Maniquiz | Envi Specialist B, PPD-ED, NIA- Central Office |
| 14. Engr. Daniel Angelo L. Malabanan | OIC, NIA-Marinduque, NIA-MOMARO-IMO |
| 15. Vincent S. Abrigo | Geologist, NIA-Central Office |
| 16. Mikaella C. Morada | GRIDS Staff, NIA-Consultant |
| 17. Jerimiah Guevara | GRIDS Staff, NIA-Consultant |
| 18. Corazon M. Largado | IDO-A, NIA-Marinduque |
| 19. April Lalaine Pelaez | IDO-A, NIA-Marinduque |
| 20. Ronalyn M. Ancheta | Staff, NIA-Marinduque |
| 21. Engr. June Carlo M. Malitao | Engr. II, Acting RROW Agent, DPWH-Marinduque |
| 22. Harvey A. Dulay | Research Director, Marinduque State College (MSC) |
| 23. Michaela T. Rongavilla | Chief, PAMBCS. MIMAROPA Region (Via zoom) |

## I. PAGBUBUKAS NG PROGRAMA

Ang unang regular na pagpupulong ng mga kasapi ng *Protected Area Management Board (PAMB)* ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) para sa taong 2023 ay isinagawa sa pamamagitan ng *face-to-face* at *zoom* na ginanap sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Bangbangalon, Boac, Marinduque. Ito ay sinimulan sa pamamagitan ng isang panalangin at sinundan ng sama-samang pag-awit ng Lupang Hinirang gamit ang *Audio-Visual Presentation (AVP).*

Sa pagpapatuloy ng programa, si OIC, PENR Officer Imelda M. Diaz in-behalf of RED Lormelyn E. Claudio ang nagbigay ng pagtanggap na pananalita na kung saan ay ipinaabot niya ang kaniyang mainit na pagbati at pasasalamat sa lahat ng nagsipagdalong mga kasapi ng Marinduque Wildlife Sanctuary- Protected Area Management Board (MWS-PAMB). Ipinaabot din niyang pinahahalagahan at patuloy na kinikilala ng DENR ang patuloy na suporta ng mga kasapi ng PAMB.

Sa kanyang mensahe, ipinagbigay-alam din niya sa kapulungan na kasalukuyang isinasagawa sa pamamagitan ng Protected Area Management Office (PAMO) ang pagtatanim sa hangganan o boundary ng MWS at hiniling din niya ang patuloy sana itong suportahan ng mga Barangay upang magtagumpay at mapanatili ang proyektong.

Bukod dito, binanggit din niyang maliban sa nasabing proyektong pagtatanim ay magkakaroon din ng malawakang "tree planting" na gagawin sa tabi ng kalsada *(road side)* sa pangunguna ni Cong. Lord Allan Jay Q. Velasco at Governor Presbitero J. Velasco Jr. sa pakikipagtulungan ng Department of Labor and Employment (DOLE). Ayon sa kanya, ang nasabing proyekto ay sinimulan na subalit marami umano ang namatay kung kaya muli niyang hiniling ang pakikipagtulungan ng Barangay upang iparating sa Tanggapan ng DENR kung mayroon silang nakitang mga punong bahagi ng proyekto na nangamatay.

Sa kanyang pagtatapos, hiniling niya ang gabay at patnubay ng Poong Maykapal para sa ginaganap na pagpupulong at inaasahan din niya ang isang makabuluhan at produktibong araw at ang lahat ng mga paksang mapag-uusapan ay mabibigyan ng tugon gayundin ang aktibong pakikilahok na bawat isa.

## II. PAGPUPULONG NG PAMB

### A. Panimula ng pagpupulong

Ang regular na pagpupulong ng *Protected Area Management Board (PAMB)* ng *Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)* ay pinasimulan sa pangunguna ni Bb. Ericka Q. Roldan, PAMO Staff sa ganap na ika-10:20 ng umaga na siyang tumatayong tagapagpadaloy ng pagpupulong.

Bago ang pagpapatuloy ng ginaganap na pagpupulong ay binati at ipinakilala rin ni PASu Emeterio M. Recto ang kinatawan ng DENR na buhat sa Regional Office na naka-*join* sa *zoom sa* katauhan ni Ms. Michaella T. Rongavilla.

Sa kadahilanang hindi nakadalo ang *Chairperson* ng PAMB, at batay na rin sa umiiral na alituntunin at kasunduan ng pamunuan, ang kapulungan ay nagsagawa ng pagpili ng magiging Pansamantalang Tagapangulo mula sa hanay nang nagsipagdalong kasapi. Si Kgg. Sabino R. Rojo, Punong Barangay ng Barangay Malibago, Torrijos, ang nahirang na maging Pansamantalang Tagapangulo *(Presiding Officer)* ng isinagawang pagpupulong.

Malugod naman niyang tinanggap ang kahilingan at bilang panimula ay binasa niya sa kapulungan ang magiging daloy ng pagpupulong.

### B. Pagtitiyak ng Korum

Ang korum ay tiniyak ni PASu Emeterio M. Recto, Kalihim ng PAMB sa pamamagitan ng pagtawag ng pangalan ng mga nagsipagdalong kasapi ng MWS-PAMB.

### C. Pagbabasa/pagsusuri ng katitikan ng nakaraang pagpupulong

Iminungkahi ng tumatayong Pansamantalang Tagapangulo na basahin na lamang nang tahimik ang nakaraang katitikan ng pagpupulong ng PAMB na ginanap noong ika-13 ng Disyembre, 2022 sa PENRO Conference Hall, Capitol Compound, Barangay Bangbangalon, Boac, Marinduque at gawin ang pagtatama nito sa bawat pahina na sinang-ayunan naman ng nakararami.

Dahil dito, ang Tagapangulo ay nagsimula ng pagtatanong sa kapulungan para sa kanilang mga obserbasyon o komento sa nakaraang katitikan ng pagpupulong ng PAMB na dapat baguhin o iwasto.

***Ang mga naging puna:***

Sa *pahina 7*, *linya 346* ay malugod na iminungkahi ni Dr. Doreen R. Mascareñas ang pagwawasto sa baybay ng salitang ***"management"***.

Sa *pahina 12*, *linya 554 at 559* ay malugod na iminungkahi ni Dr. Doreen R. Mascareñas ang paghahalili sa salitang ***"papaso"*** ng ***"mapapaso"***.

Sa *Pahina 13*, linya 616 ay muling nagkaroon ng pagwawasto sa baybay ng salitang ***"accomplish"*** si Dr. Mascareñas.

Ang Pansamantalang Tagapangulo ay muling nagkaroon ng pagtatanong sa mga kasapi ng PAMB para sa iba pang obserbasyon o komento sa nakaraang katitikan na dapat pang baguhin.

Sapagka't wala ng nakikitang puna na dapat pang iwasto o baguhin sa nakaraang katitikan kung kaya't ito'y iminungkahi niyang pagtibayin.

**D. <u>Pagpapatibay sa nakaraang katitikan</u>**

Naghain ng mosyon si Kgg. Teodoro R. Ramos upang pagtibayin ang katitikan ng nakaraang pagpupulong ng PAMB nang may pagwawasto na pinangalawahan ni Kgg. Restituto L. Pabalat at sinang-ayunan ng nakararami.

**E. <u>Pagpapatibay sa mga paksang pag-uusapan/tatalakayin</u>**

Binasa ng Tagapangulo ang hanay ng mga paksang pag-uusapan, subalit bago ang pagpapatibay nito ay hiningi niya ang mungkahi ng kapulungan tungkol sa iba pang paksang nais pag-usapan.

Para sa iba pang paksang nais pag-usapan ay malugod na iminungkahi ni PASu Emeterio M. Recto na maidagdag ang tungkol sa ***"Pagtatalaga ng mga volunteer (Bantay-Gubat) na magmumula sa mga Barangay na nasasaklawan ng pinangangalagaang-pook o Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS)*** at ang tungkol sa "***Resulta ng unang Biodiversity Monitoring System (BMS) na isinagawa noong Pebrero 16 at 17, 2023 sa Barangay Tambangan at Masalukot, Santa Cruz patungong Barangay Tumagabok, Boac, Marinduque".***

Para sa pagpapatibay nito, naghain ng mosyon si Kgg. Restituto L. Pabalat upang pagtibayin ang hanay ng mga paksang pag-uusapan kalakip ang mga naging susog na pinangalawahan ni Kgg. Dante M. Marinduque at sinang-ayunan ng nakararami.

**E. <u>Pagtatalakay sa mga paksang hindi natapos mula sa nakaraang katitikan</u>**

Bago ang pagtatalakay ng mga paksang nakahanay na pag-usapan ay iminungkahi ng Tagapangulo na balikan muna ang mga isyu o paksang hindi natapos mula sa nagdaang pagpupulong.

Sa <u>*Pahina 15, Linya 690-692*</u> ay nagkaroon ng katanungan si Dr. Doreen R. Mascareñas kung mayroon bang kinatawan at kung naiparating ba kay Kgg. Rolando O. Tolentino ang panukala ukol sa pagtatalaga ng Bantay Gubat. Bilang tugon, sinabi ni PASu Emeterio M. Recto na walang nakadalong kinatawan ang LGU Gasan na makatutugon sa naging katanungan.

Naitanong din ni Gng. Elizabeth E. Manggol, kinatawan ng Marinduque Council for Environmental Concern (MACEC) kung naibigay ba ng DPWH sa Tanggapan ng DENR partikular sa PAMO ang coordinates ng proposed access road na gagawin sa Barangay Malibago, Torrijos at Mainit, Boac, Marinduque.

Ang naging katanungan ay sinagot ni PASu Recto at sinabing hindi umano napadalhan ng imbitasyon ang dating presentor na si Engr. Glen Decena sapagkat nasa labas naman aniya ng pinangangalagaang-pook ang proyekto ng DPWH. Ayon pa sa kanya, maaari namang imbitahan ito sa susunod na pagpupulong ng PAMB. Sinabi pa ni Gng. Manggol na mas mainam kung maibibigay sa PAMO ang mga coordinates kaugnay ng proyekto para mai-over-lay ito sa shapefile ng MWS. Nangako naman si PASu Recto na makikipag-ugnayan na lamang sila sa DPWH upang maibigay ang tinutukoy na mga coordinates.

Binuksan naman ni Kgg. Benjamin M. Larga ang paksa tungkol sa pagtatalaga ng mga Bantay Gubat na ayon kay PASu Recto ay maaaring dalawang tao o tanod upang maging katuwang ng DENR sa pagsasagawa ng regular na monitoring at pagpapatrolya sa pinangangalagaang-pook o MWS.

Kaugnay nito, ipinarating ni Kgg. Mario C. Francisco na ang LGU Buenavist ay kasalukuyang isinasa-ayos ang pagtatalaga ng Bantay Gubat. Gayundin, sa kanila umanong Barangay ay palagiang katuwang ng mga tauhan ng DENR ang mga tanod sa pagmomonitor ng mga iligal na gawain sa loob ng pinangangalagaang-pook.

Si Kgg. Larga ay muling nagbigay ng reaksyon at sinabing maraming Barangay ang nasasakupan ng MWS sa Bayan ng Boac kung kaya't ayon sa kanya ay mismong ang barangay na ang magbabantay.

Sinabi naman ng Tagapangulo na para sa kaayusan ng pinag-uusapang mungkahi, iminungkahi niya ang pagkakaroon ng orientation sa mga itatalagang mga Bantay Gubat at bukod pa rito ay maaari din aniyang magkaroon ng Memorandom of Agreement (MOA).

Iminungkahi din ni PLTCOL Elmer Manalo ang pagkakaroon ng team sa mga munisipyo na malalapitan din at makakatulong lalong lalo na sa filing ng mga kaso kaugnay sa mga paglabag sa mga batas pangkalikasan.

Sinang-ayunan naman ito ni Dr. Mascareñas at sinabing noong una pa man ang kasunduan ay dalawang (2) Bantay Gubat sa bawat isang munisipyong nasasaklawan ng MWS na sila iyong idi—deputize ng DENR. Automatiko aniya ang role ng Barangay pero ang mga itatalaga ng bawat munisipyo o bayan ang palagiang tutulong sa DENR upang magmo-monitor o magbabantay sa MWS.

Nabanggit din ni G. Romeo M. Davaloz na mayroong imbitasyon ang DENR sa munispyo tungkol sa pagkakaroon ng pagasasanay (Environmental Enforcers) na nakaplanong gawin sa darating na March 1-28, 2023.

Sapagka't wala namang isyu o usapin na kailangang pang pag-usapan sa nakaraang katitikan ng pagpupulong kung kaya't ang kapulungan ay nagpatuloy sa pagpupulong sa mungkahi ni Gng. Elizabeth E.Manggol.

**F. Pagtatalakay sa mga paksang pinagtibay na pag-usapan**

***1. Proposed Protected Area Management Office (PAMO) programs/activities/projects for CY 2023***

Sa kanyang pagsisimula ay sinabi ni PASu Emeterio M. Recto na ang kanyang iuulat sa kapulungan ay naging bahagi ng kanyang inilahad sa nagdaang pagpupulong ng PAMB. Sa kasalukuyan ay final na ito base sa mga naging komento ng planning at DENR-MIMAROPA Regional Office.

Ito ay sinundan ng paglalahad niya ng profile ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) kalakip ang mapa kung saan naka-project ang Parcel 1 at 2 ng MWS gayundin and administrative jurisdiction nito.

***a. Monitoring of Socio-Economic Assessment and Monitoring System (SEAMS)***

Ayon kay PASu Emeterio M. Recto, layunin ng programang ito na alamin kung mayroon bang *improvement* ang mga natukoy na *tenured migrants* sa lugar na kanilang pinamomosisyunan ng hindi nagkaroon ng paglalawak at kung talagang may *development* na ginawa sa lugar na kanilang pinasukat noong 2016-2017. Ang naturang proyekto ay may kaukulang allotment na Php. 195,000.00.

***b. Biodiveristy Monitoring System (BMS)***

Ayon kay PASu Recto, ang lokasyon kung saan regular na ginagawa ang *Biodiversity Monitoring System (BMS)* ay ang 2 kilometrong *transect line* na naitatag sa Barangay Tambangan at Masalukot patungong Tumagabok, Boac. Ang programang ito ay may nakalaang pondong Php. 250,000.00 at regular na ginagawa at *joint effort* ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR)*, PG-ENR Office, Academe (MSC) at Local Government Unit (LGU), barangay at munisipyo. Bahagi rin ng programang ito ang *Focus Group Discussion (FGD)* kung saan pinupulong ang organisadong *Community Monitoring Group (CMG)* upang kumustahin sa kanila ang kalalagayan ng *protected area.* Maganda naman ang naging resulta nito sapagkat ang mga tao ay tumataas na ang kaalaman tungkol sa mga batas na pinaiiral sa loob ng *protected area.*

***c. Communication, Education and Public Awareness (CEPA)***

Para sa taong ito, ang PAMO ay may sa paggagawa ng five (5) years *communication plan* kung saan magkakaroon ng hiring ng staff na tututok at gagawa ng plano. Bukod dito, mayroon ding *installation of signages* (10 signages) at ang programang ito ay may kaukulang pondo na nagkakahalaga ng Php. 300,000.00.

***d. Protected Area Management Board (PAMB) Operationalization***

***a. Capacity Building***

Ayon kay PASu Recto, mayroong dalawang (2) *Capacity Building* na gagawin ang PAMO sa taong ito na base sa naging resulta ng ginawang *Training Needs Assessment* sa nagdaang taon. *Refresher course* o *review* ito ng mga polisiya na may kinalaman sa *National Integrated Protected Area System (NIPAS) Act of 1992* na inamyendahan ng bagong batas o ang *Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS) Act of 2018* na kung saan ang mga magiging *participants/learners* ay mga kasapi ng MWS-PAMB, PAMO Staff at ilang LGUs. Ito ay may *allotment* na Php. 630,000.00 kung saan tatlong araw na pagsasanay o pag-aaral ang gagawin.

***b. PAMB meeting***

Bahagi din ng programang PAMB Operationalization ang *regular quarterly Protected Area Management Board (PAMB)* ng Marinduque Wildlife Sanctuary (MWS) En Banc *meeting.* Ito ay may kaukulang allotment na Php. 420,000.00.

***c. PAMO Operationalization***

Ngayong taon, ang PAMO ay mayroon ng na-hire na mga contractuals kabilang na isang (1) Ecosystems Management Specialist (EMS) I at tatlong (3) Park Rangers ayon kay PASu Recto.

***d. Ecotourism Development Program***

Sinabi ni PASu Recto, matutunghayan sa kanyang naunang pag-uulat na ang PAMO ay mayroong anim (6) na *infrastructures* na pinapanatili sa loob ng *protected area.* Ito ay ang *PAMO Building, Ecotourism Information Center, Multi-purpose Hall, Viewing Decks, Ranger Stations* at *Satellite Office.* Ang programang ito ay may kaukulang *allotment* na Php. 750,000.00 para sa buong taon.

### *e. Management of Integrated Protected Area Fund (IPAF)*

Sinabi ni PASu Recto, sa kasalukuyan ay Php. 10,000.00 ang *target collection* na makolekta ng PAMO mula sa mga bayarin ng mga bisitang nagtutungo sa MWS *ecotourism sites.* Ang programang ito ay walang kaukulang *allotment* kundi ang *income* o *collection* na ibabayad ng turista kung sila ay magtutungo sa MWS na siya namang idinideposito sa bangko. Sa nakaraang taong (2022) ay nagkaroon ng Php. 8,000.00 na income ang MWS.

### *f. Maintenance of Signages & Demarcated Corners*

Ayon kay PASu Recto, ang programang ito ay isasagawa ng mga Park Rangers at Biodiversity Protection Assistant (BPAs) ng PAMO kasabay sa pagasagawa ng regular na *patrolling* at *monitoring* sa loob ng *protected area.* Wala umano itong *allotment* para sa taong ito dahill naka-*ride on* na ito sa *regular targets* ng PAMO. Kung mayroong nawala o nakitang sira ay papalitan ito kaagad ng PAMO. Madalas aniyang mapuna ng mga patrollers na ang ilan sa mga nasisirang signages ay sadyang sinisira at ang iba naman ay pinagtatalian pa ng mga alagang hayop.

Kaugnay nito, hiniling niya sa kapulungan na tulungan ang DENR sa pagpapanatili ng mga nasabing muhon at signages na ginastusan ng gobyerno mula sa buwis na binabayad ng taumbayan.

### *g. Inventory of Tenurial Instrument*

Sa taong ito, ang PAMO ay may target din sa pag-imbentaryo ng mga tenurial instruments na naiisyu sa pinangangalagaang-pook o MWS na mayroong allotment na Php. 20,000.00.

### *h. Lawin Forest and Biodiversity Protection System*

Regular na *patrolling* ang gawain dito ayon kay PASu Recto, kung saan ang PAMO ay mayroong dalawang *team* na mayroong 20 kilometrong *target (distance patrolled*) sa bawat buwan sa loob ng *conservation area*s o *protected area.* Katuwang rito ng PAMO sa naturang programa ang Monitoring and Enforcement Section (MES) na may kabuuang target na 360 kms. Ang PAMO sa taong ito ay mayroon lamang allotment na Php. 200,000.00.

### *2. Status of NIA project at Barangay Bagtingon, Buenavista, Marinduque*

Sa pasimula ng pag-uulat ay magalang na ipinakilala ni Engr. Daniel Angelo Malabanan, current OIC ng Marinduque PIO ang kanyang mga kasama na sina Engr. Gerardo R. Perez, Division Manager na dati ring PIO Officer ng Marinduque PIO, ang kanilang Geologist na si Vincent S. Abrigo, Environmental Specialist na si Forester Mary Grace P. Maniquiz at ang mga kinatawan ng GRIDS (NIA consultant).

Para naman sa estado ng *Proposed Bagtingon Small Reservoir Irrigation Project (SRIP)* sa bayan ng Buenavista ay sinabi niyang nagkaroon din ng pagpupulong kahapon (Pebrero 22, 2023) sa Barangay na dinaluhan ni Kgg. Mario C. Francisco II at ng kanyang Sanggunian at doon ay napag-usapan iyong mga naka-proposed projects.

Si Dr. Doreen R. Mascareñas naman ay nagkaroon ng katanungan sa kapulungan at sinabing matagal pinag-uusapan ang proyekto ng NIA at sa kanyang pagkatanda ay sarado na ang usapan tungkol dito. Dahil dito, naitanong niya kung ano ang objective kung bakit humaharap muli sa PAMB ang NIA at naglalahad ng kanilang proyekto.

Ayon naman kay PASu Emeterio M. Recto, noong Pebrero 14, 2023 ay personal na nagtungo sa PENRO ang Direktor ng NIA na kung saan ay pina-follow up umano sa kanya ni Governor Presbitero J.

Velasco, Jr. kung ano na ang status ng project ng NIA sapagkat matagal na itong hindi natutuloy. Gayundin, nagkaroon din umano siya ng katanungan sa Staff ng NIA-Marinduque kung ano na ang estado ng pag-aaral sa Barangay Bagtingon, Buenavista na ginawa ng GRIDS subalit hindi pa rin aniya ito nakukumpleto ng consultant at ang isang halimbawa nito ay ang imbentaryo ng mga punong malulubog.

Sinabi naman ni Dr. Mascareñas na sa pagkaka-alala niya ay humingi dati ng clearance ang NIA kung kaya binigyan ito ng PAMB kung kaya't ang alam niya ay tapos na ito. Naitanong din niya kung ano ulit ang concern ng NIA kung bakit muli silang nandito at humaharap sa PAMB.

Nilinaw naman ni PASu Recto na ang PAMB clearance na inisyu ng PAMB sa NIA ay hindi permit bagkos ay clearance upang sila ay makagawa ng mga preliminary activities kaugnay ng kanilang proyekto halimbawa nito ay ang Environmental Impact Assessment (EIA) at Environmental Compliance Certificate (ECC). Ang naunang ECC na hawak ng NIA ay obsolete na ayon kay PASu Recto kung kaya't kailangan itong i-update. Idinagdag pa niya na hindi naman muling magbibigay ng clearance ang PAMB sa NIA kundi kukumpletuhin nila ang mga requirements para ma-suffice ang kanilang pagtutuloy ng project.

Nagbigay muli ng reaksyon si Dr. Mascareñas at sinabing kaya nga noong una pa sana ay hindi na nag-aksaya ng mahabang panahon na ganito. Hindi aniya sana pinahintulutan noon na bigyan ng clearance ang NIA, tapusin muna sana kung ano pa iyong mga hinhingi ng PAMB. Kaya lamang ay napagkaisahan noon na ibigay na ng PAMB ang clearance sa NIA na sa kanyang pag-aakala ay tapos na hanggang doon.

Sinabi naman ni Engr. Malabanan na pagdating sa clearance buhat sa PAMB ay doon lamang aniya ulit nabuksan ang pagpopondo sa proyekto simula ng napatigil ito noong noong 2017. Wala umanong inirelease na pondo sa NIA na dahilan upang hindi rin matuloy ang pagsasagawa ng pag-aaral. Sa nakaraang taon 2020-2021 lamang umano ulit nabigyan ng pondo ang NIA kung kaya kasama nila sa pagkakataong iyon ang mga experts upang mailahad kung ang mga naging resulta ng mga nagawang mga pag-aaral na bahagi na rin ng kanilang updating. Kaugnay na rin ito sa mga permit at clearances na kinakailangan naman ng proyekto upang matuloy ang pagpapasagawa ng impounding dam. Ito rin aniya ang kanilang objective para matugunan ang mga pangangailangan ng certain clearances para mabigyan din ng pondo ang kabuuang proyekto.

Nilinaw naman ni Forester Mary Grace P. Maniquiz na hindi na muling hihingi ng panibagong clearance ang NIA bagkos ay kurtesiya na rin ito sa PAMB-MWS. Sinabi rin niyang sa susunod na pagkakataon ay sa Tanggapan na sila ng DENR direktang makikipag-coordinate para sa mga pending requirements upang matuloy na talaga ang project na tina-target nilang maumpisahan sa buwan ng Hulyo 2023.

Sa pagsisimula ng pag-uulat sa kapulungan ay binati at pinasalamatan ni G. Vincent S. Abrigo, Geologist ng NIA ang lahat sa pagkakataong ibinigay sa kanya para maibahagi kung ano na ang mga natapos partikular sa geology at geohazard assessment. Ayon sa kanya, nagkaroon ng series of field works, series of sub-surface investigation, materials testing ang NIA at right now allow me to give justice kung ano ang mga naging resulta para malaman din ng kapulungan kung ano ba ang lagay ng project lalo na at madalas makabalita ng paglindol at pagbaha.

Upang bigyan ng gabay ang kapulungan sa kanyang presentasyon ay ipinakita niya ang outline ng kanyang magiging pagkakasunod-sunod ng discussion. Sisimulan umano niya ito sa General/Background Infromation tungkol sa location at proposed dam site. Ikalawa ang regional geological setting, kung ano ba iyong pagkabuuan o pangkalakihang kalagayan ng Marinduque bilang isang probinsya at isla at ano ang implikasyon nito sa local site. Ikatlo aay ang tungkol sa Site Geology at ang ikaapat ay ang hazard assessment. Ayon sa kanya, nagsagawa din ang NIA ng geohazard assessment at mayroon ding hiwalay na report ang kanilang consultant. Sa huli ay ipakikita niya umano

ang naging conclusion at reccomendations ng NIA para ma-anticipate kung ano ang mga hazard na involve para matiyak na ligtas ang itatayong istruktura.

Para sa general information, tatalakayin niya ang *project description, methodology and Nature and Source of Information.* Para naman sa *proposed dam site,* ang kanyang tatalakayin *will be focusing on main structure which is the main dam.* Ang propose dam ay *under jurisdiction of the municipality of Buenavista, Marinduque Province.* Located along Bagtingon River, few meters downstream of Banlawanin River and Subling River. Slope gradient of more than 50 degrees.Project components include earth embankment dam, spillway, diversion conduit and irrigation facilities

Aniya. *aside from the access* dam na itatayo natin ay mayroon ding spillway components para kung ma-reach ang maximum flood ay don tatapon ang sobrang tubig. The same time ay mayroon ding diversion conduit para doon naman padadaanin ang tubig papunta sa irrigation facilities at the same times during construction ay dito rin ida-divert ang ilog para sa konstruksyon ng earth embarkment dam. Ang itatayo aniyang dam ay embarkment dam na gawa sa lupa at clay materials. Hindi aniya ito konktreto kung kaya everytime na magkakaroon ng pagyanig ay mayroon itong natural healing mechanism. And ofcourse aside from the main dam ay mayroon ding irrigation facilities (irrifation canals, laterals, gates) na part ng kabuan ng dam structures.

Ito aniya ang naging approach nila sa Geology team, nagkaroon sila ng data gathering taken from several numerous government agencies, several site inspection, pubert investigation and we also conducted information analysis and interpretation using the available data at ang available softwares. Gumawa din umano sila ng technical report.

Para sa kaalaman ng lahat, most of the materials (secondary data) were taken from NAMRIA at partikular ito sa Bayan ng Buenavista. Ginamit nila ang mapa bilang base map for the detailed investigation or detailed information. Bukod dito, nagkaroon din ng survey data kung saan nagsagawa sila ng actual survey sa Barangay. Ang mga geological, tectonic maps and landslide induce-rain induce landlides maps was taken from DENR Mines and Geoscience Bureau (MGB). And paghuli, ang ibang hazard such gaya ng earthquake induce hazard, ruptured, shaking ay nakuha sa PHILVOCS.

Sa Regional Setting ay aalamin aniya kung ano ba ang tectonic setting ng Marinduque at ano ba ang posibilidad na magkaroon ng major earthquake. Sa tectonic, ito umano yung mga nakapalibot na strcutures sa isla ng Marinduque. Sa stratigraphy naman malalaman kung ano iyong mga geology, mga klase ng formation na ina-anticipate sa area or ano ang mayroon sa project. And ofcourse ang structural geological-local o specific fault na available sa project area and ofcousre Abundance, Distribution and General Nature exposed in the project site.

Para sa kaalaman ng lahat, sinabi ni Engr. Malabanan na mayroong apat (4) na trenches na at ito ay ang mga sumusunod: Philippine Trench, Manila Trench, Philippine Fault, Aglubang Fault / Central Mindoro Fault at Central Marinduque Fault. Aniya, ang mga faults na ito ay capable of generating high magnitude eartthquakes. Ano po yung implikasyon nito, as you all know on going ang paggalaw ng tectonics kaya nakararanas ng 2-3 earthquakes kada araw. Ang sinasabi lang po dito ang Pilpinas ay nasa "Pacific Ring of Fire" kung saan active ang paggalaw kumbaga hindi ito bago na magugulat tayo kaya alam natin don sa lugar natin active iyong tectonic.

Ayon pa rin sa kanya, *aside from the regional-tectonic*; ito naman iyong *rock formations* na iniexpct natin. Aniya, mayroon aniya silang nakitang apat (4) klase ng bato na distributed from sand formation kung saan ito ang mga klase ng silt stone, conglomerates (Gasan Formation, Porvado Formation, Andesite Phorpyry at Torrijos Formation). And good thing, yung proposed dam site is located or underlain by relatively good foundation.

Ayon kay Engr. Malabanan, the nearest identified active fault ay ang Central Marinduque, so aside from this fault which si 3.5 km from the site ay mayroong Sibuyan Sea Fault na malayo naman ang lokasyon.

Aniya, yung dam site natin *is underlain by an andesite rock. Massive/intrusive ito and in terms of strength* ay matibay.

Si Kgg. Benjamin M. Larga ay nagbigay ng reaksyon sa naging presentasyon at nagpahayag na akala niya ay puro hazard na lamang pero mayroon naman palang mga mitigating measures. Naitanong din niya sa kinatawan ng NIA kung tapos na ba sila sa geological study at kung ang rekomendasyon ba nila ay ipagpatuloy ang proyekto. Naitanong din niya kung mayroon na ba itong pondo para masimulan ang konstruksyon ng project.

Sinabi naman ni Engr. Malabanan na nakapagsumite na sila ng proposal sa Central Office para sa total project allocation. Para sa taong 2020 nabigyan umano ang NIA ng 100 million para sa konstruksyon ng irrigation facilities (canal). Ang sinasabi umanong study ng dam site ay hindi pa ito nabibigyan ng alokasyon dahil mayroon pang mga certain permits na hinihingi sa NIA ang Department of Budget and Management (DBM) at NEDA na kasalukuyan umano nilang inaaayos.

Naitanong din ni Kgg. Larga kung mayroon bang time table ang NIA kung kailan mare-realize ang proyekto. ang pakinabang umano ng Dam ay dapat nare-realize na ng mga taga-Buenavista at Gasan.

